
| | |
|---|---|
| **PANGALAN AT LARAWAN** | Robert John Concepcion Cruz  |
| **DULOG** | Moral Development |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 7<br>Ikalawang Markahan |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 6.2 Nailalapat ang wastong paraan upang baguhin ang mga pasya at kilos na taliwas sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral. |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nahihinuha na ang paggawa ng mabuti at ang pag-iwas sa masama ay likas sa tao.<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Nakakapagpalakas ng pananaw na ang paggawa ng mabuti at pag-iwas sa masama ay likas sa tao.<br>SAYKOMOTOR:<br>• Nakasasagawa ng mga tamang paraan upang makagawa ng mga pasya at kilos na ayon sa Likas na Batas Moral |
| **PAKSA** | Ang Kaugnayan ng Konsensya sa Likas na Batas Moral |
| **PAGPAPAHALAGA** | Kabutihan/*Goodness* |
| **MGA SANGGUNIAN** | • Marte, N. (N.D.). "*Creative Pedagogies and Approaches in Teaching Values and Values Integration in the Various Disciplines*".<br>• (May 2016). *"K to 12 Gabay Pangkurikulum: EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO".* Pp. 97.<br>• (N.D.). "*Edukasyon sa Pagpapakatao:Learner's Manual*". Pp 147-152. |

| | |
|---|---|
| | • "Paghubog ng Konsensya Batay sa Likas na Batas Moral" [Advertisement]. (2015, September 3). Retrieved November 24, 2017, from https://prezi.com/yxmor0jh4j7d/paghubog-ng-konsensya-batay-sa-batas-na-moral/ |
| **MGA KAGAMITAN** | Projector, Laptop, Whiteboard Marker, Eraser, Worksheets, PowerPoint Presentation, Videos, Name tags, Visual-aids, Pieces of pictures, Handouts |
| **PAUNANG GAWAIN** | **Panuto**: Bigyan ang bawat mag-aaral ng piraso ng papel mula sa isang ginupit na larawan. Atasan ang mga mag-aaral na hanapin ang kanilang kapareho upang mabuo ang larawan. Matapos ang gawain ay atasan silang basahin at sipiing mabuti ang kasabihang nabuo mula sa larawan. Pagkatapos basahin ang kasabihan ay sagutin ang mga katanungang ibibigay ng guro.<br><br>**Kasabihan:**<br><br><br><br>**Mga Katanungan:**<br><br>1. Sa iyong palagay, ano ang mensaheng napakaloob sa kasabihan?<br>2. Sumasang ayon ka ba sa nais nitong iparating? Bakit? |

| | |
|---|---|
| **GAWAIN** | **Panuto:** Ang guro ay magpapakita ng dalawang maiikling *video* mula sa magkaibang situwasyon na nagpapakita ng hindi maganda o mabuting gawain. Hingin ang buong atensyon ng mga mag-aaral para sa panuorin at nang maunawaan itong mabuti. Pagkatapos manuod, hatiin ang klase sa dalawang grupo. Atasan ang dalawang grupo na isiping sila ang nasa situwasyong ipinakita (situwasyon 1 para sa pangkat 1 at situwasyon 2 para sa pangkat 2), at mag-isip ng paraan kung paano nila ito gagawing tama. Ipakita ang mga naisip na paraan sa pamamagitan ng maikling *role playing* o pagtataghal. Ang bawat grupo ay mayroon lamang dalawang minuto para sa pag-iisip ng paraan at tig-dalawang minuto para sa pagtatanghal.<br><br>**Mga Sitwasyon:**<br><br>1. Magaganap ang *Christmas Party* ni Joanna bukas at nais niyang magsuot ng isang bagong bistida. Gustong gustong bilhin ni Joanna ang bistida sa paborito niyang *mall ngunit* wala siyang pera. Nakita niyang walang tao sa kanilang bahay at ang pitaka ng kaniyang Ina sa lamesa. Upang mabili ang gustong bistida, kumuha siya ng pera sa pitaka ng walang paalam. Kinabukasan, nakita niya ang kaniyang Ina na aligaga sa kakahanap sa pera na sana pala ay sa gamot ng kaniyang maysakit na Ama.<br><br>2. Pumasok si Denice na walang dalang pera ni singkong butas. Pagkatapos ng unang klase ay nakita ni Denice ang isang pitaka mula sa ilalim ng upuan. Pagkabukas ni Denice ng pitaka ay nakita niyang naglalaman ito ng daang piso. Lubos ang pagkagutom na nararamdaman ni Denice ng oras na iyon kaya't hindi na niya tinangkang hanapin pa ang may-ari at ginamit na lang ito. Makalipas ang ilang oras, nakita ni Denice na aligaga ang kaniyang kamag-aral at narinig na nanawala ang pitaka at ang laman nitong pera na nakalaan pala para matrikula niya. |
| **PAGSUSURI** | **A.1.** Mula sa mga pinanuod, sumasang ayon ka ba sa mga aksyong ginawa ng mga pangunahing karakter? Bakit?<br>**A.2.** Ano ang naramdaman mo nang makita mo ang ginawang aksyon ng pangunahing karakter?<br>**C.1.** Ano sa tingin mo ang naramdaman ng mga pangunahing karakter matapos nilang gawin ang askyong kanilang ginawa?<br>**C.2.** Anong malaking pagkakaiba ang iyong naobserbahan sa iyong aksyong ginawa at ng pangunahing karakter?<br>**C.3.** Sa iyong kapaligiran, nangyayari ba ang mga ganitong situwasyon o pangyayari?<br>**B.1.** Kung ikaw ang mahaharap sa mga ganitong uri ng situwasyon, paano mo babaguhin ang mga pagkakamaling iyong nakita? |

| | |
|---|---|
| **PAGPAPALALIM** | **ANG KAUGNAYAN NG KONSENSIYA SA LIKAS NA BATAS MORAL**<br><br>Naaalala mo pa ba noong ikaw ay bata pa? Ano ang sinasabi ng iyong ama at ina, o ng iyong lolo at lola sa tuwing gumagawa ka ng mabuti o ng masama? Ayon sa kanila, may dalawang katauhan sa iyong tabi, isa sa iyong kanan at isa sa kaliwa. Pareho silang nagsisikap na impluwensyahan ka na pumili sa mabuti o masama na dapat mong gawin sa isang sitwasyon. Ayon sa kanila, kapag pinili mo ang mabuti, sinusunod mo ang katauhan na nasa iyong kanan. Kapag pinili mo ang masama, sinusunod mo ang katauhan na nasa iyong kaliwa.<br><br>Ngayon naman, marahil naririnig mo ang mga katagang: "Malinis ang konsensiya ko" o kaya naman "Hindi maatim ng aking konsensiya…" Ano nga ba ang konsensya? Ang tao ay biniyayaan ng kakayahan na kumilala ng mabuti o masama. Ang kakayahang ito ay tinatawag na konsensiya. Ang salitang konsensiya ay mula sa salitang Latin na cum ibig sabihin ay "with" o mayroon at scientia, na ibig sabihin ay "knowledge" o kaalaman. Samakatuwid, ang konsensiya ay nangangahulugang "with knowledge" o mayroong kaalaman. Ipinahihiwatig nito ang kaugnayan ng kaalaman sa isang bagay; sapagkat naipakikita ang paglalapat ng kaalaman sa pamamagitan ng kilos na ginawa.<br><br>Ang paglalapat ng kaalaman ay maaaring magawa sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan, ayon kay Santo Tomas de Aquino:<br><br>**a.** Sa tulong ng konsensiya, nakikilala ng tao na may bagay siyang ginawa o hindi ginawa. Halimbawa nito, iniwan sa pangangalaga mo ang iyong nakababatang kapatid dahil umalis ang iyong ina. Ngunit sinabayan mo ang pag-aalaga ng panonood ng telebisyon. Dahil dito, nahulog ang kapatid mo. Nagkaroon ito ng gasgas sa braso. Pagdating ng iyong ina, hindi lang pala gasgas ang tinamo ng iyong kapatid, nakita ng nanay mo may bukol din ito sa noo. Nang tanungin ka, sinabi mong napadikit lang sa dingding kaya't nagkaroon ng gasgas, subali't di mo alam bakit may bukol ito. Hindi mo man aminin ang iyong ginawa at itanggi ang katotohanan, makumbinsi mo man ang iba at ika'y paniwalaan, ang iyong konsensiya ay nakaaalam ng tunay na nangyari. Ang konsensiya ay tumatayong testigo sa pagkakataong ito sapagkat nagpapatunay ito sa kilos na ginawa o hindi ginawa ng tao.<br><br>**b**. Sa pamamagitan ng konsensiya, nahuhusgahan ng tao kung may bagay na dapat sana'y isinagawa subalit hindi niya ginawa o hindi niya dapat isinagawa subalit ginawa. Sa pagpapatuloy ng halimbawa sa itaas, sa iyong pagiisa hindi ka mapakali, nararamdaman mong dapat mong sabihin sa iyong ina ang tunay na nangyari sa iyong kapatid. Ang konsensiya sa sitwasyong ito ay pumupukaw sa tao upang magpaalala ng dapat at hindi |

dapat gawin.

**c**. Gamit ang konsensiya, nahuhusgahan kung ang bagay na ginawa ay nagawa nang maayos at tama o nagawa nang di-maayos o mali. Halimbawang binalewala mo ang bulong ng konsensya na sabihin sa iyong ina ang tunay na pangyayari, hindi na natahimik ang iyong kalooban. Mas tumindi pa ang pagkabagabag nito lalo na nang nilagnat ang kapatid mo. Kaya't sinabi mo ang totoong nangyari sa iyong ina. Napagalitan ka man subali't nawala ang iyong pag-aalala at nakadama ka ng kapayapaan ng kalooban. Sa kalagayang ito, ang konsensya ay mararamdamang nagpapahintulot, nagpaparatang o maaaring nagpapahirap sa tao. Ang konsensya ang bumabagabag sa tao kapag gumawa siya ng masama. Ito ang tinutukoy ng katagang "hindi ako matahimik, inuusig ako ng aking konsensya".

Ipinakikita dito na ang konsensiya ay nakakabit sa isip ng tao; kaya't ito ay kakayahan ng isip na maghusga ng mabuti at masama. Ang konsensiya ang batayan ng isip sa paghuhusga ng tama o mali. Paano nga ba nalalaman ng konsensiya ang tama at mali? Ibinabatay ng konsensiya ang pagsukat o paghusga sa kilos sa obhetibong pamantayan ng Likas na Batas Moral.

Ang Likas na Batas Moral ay ibinigay sa tao noong siya ay likhain. Ito ay sa dahilang nakikibahagi siya sa karunungan at kabutihan ng Diyos. Sa pamamagitan ng batas na ito, ang tao ay may kakayahang makilala ang mabuti at masama. Dahil sa kalayaan, ang tao ay may kakayahang gumawa ng mabuti o masama. Nakaugat ito sa kanyang malayang kilos-loob dahil ang pagtungo sa kabutihan o sa kasamaan ay may kamalayan at kalayaan.

Hindi kailangan ng isang tao na pumasok sa paaralan upang matutuhan o malaman ang batas na ito. Nakaukit ito sa pagkatao ng isang indibiduwal kaya't ang unang prinsipyo nito ay: Likas sa tao na dapat gawin ang mabuti at iwasan ang masama.

Ang tao ang natatanging nilalang na nararapat tumanggap ng batas mula sa Diyos. Ito ay dahil kailangan niyang pamahalaan ang kanyang kilos sa pamamagitan ng tamang paggamit ng kanyang kalayaan at kilos-loob.

Ang Likas na Batas Moral ay likas sa tao dahil sa kanyang kalayaan. Kaya't ang walang kalayaan ay di sakop ng batas na ito. Nakasaad sa batas na ito ang dapat gawin at di dapat gawin ng tao; kaya't ito ang gumagabay sa kilos ng tao. Layon ng batas-moral na pagkalooban ang tao ng kinakailangang batayan upang makagawa siya ng tamang pasya at kilos. Higit sa lahat, layunin ng batas na ito ang kabutihan ng tao. Ang tao ang

| | |
|---|---|
| | iisang nilikha na maaaring gumawa ng masama: ang sumira ng kapwa at sumira ng kanyang sarili. Ito ang dahilan kung bakit ipinagkaloob ang Likas na Batas Moral. Maiiwasang gawin ng tao ang masama kung susundin niya ang batas na ito.<br><br>Ayon kay Lipio, binibigyang direksiyon ng batas-moral ang pamumuhay ng tao. Sinusunod niya ang batas-moral upang magawa ang mabuti, magkaroon ng paggalang sa kapwa at makipagtulungan sa mga taong binigyan ng kapangyarihang pangalagaan ang kapakanan ng lahat. Subali't hindi nangangahulugang ang tao ay natatakpan ng mga batas na dapat niyang sundin araw-araw, bagkus, kailangan niyang gawin ang tama ayon sa kanyang pagkatao. Samakatuwid, ang konsensiya ay ang personal na pamantayang moral ng tao. Ito ang kakayahang isagawa ang mga malalawak na pangkalahatang batas-moral sa pamamagitan ng sariling kilos. Ito ang ginagamit sa pagpapasiya kung ano ang tama at kung ano ang mali sa kasalukuyang pagkakataon. Halimbawa, bagama't isang obligasyon ang pagsisimba, may pagkakataong hindi makadalo ang isang tao dahil may tungkulin siyang alagaan ang isang kasapi ng pamilya na maysakit. Ito ang situwasyon na walang katapat na pangkalahatang batas para matugunan. Ang kailangan dito ay personal na pagpapasiya kung saan ginagamit ng tao ang kaniyang konsensiya. Kailangan lagi ang isang paghatol sa pagsasagawa ng isang pamantayan o pagtupad sa batas moral at dito kailangan ang konsensiya. Subali't, kung ang paghatol ay hindi naaayon sa Likas na Batas Moral, ang konsensiya ay maaari pa ring magkamali. Maaaring magkaroon ng kalituhan kung anong panuntunan ng kilos ang gagamitin. Maaari ring magkamali sa paraan ng paggamit ng panuntunang ito. Dahil dito, ang konsensya ay maaaring uriin bilang tama at mali ayon sa Likas na Batas Moral (Esteban, 1990).<br><br>Sa pamamagitan ng tamang uri ng konsensiya kung gayon, naisasagawa ang pangkalahatang pamantayang moral sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang personal na pamantayang ginagamit ng tao upang suriin ang iniisip, salita at gawa ayon sa Likas na Batas Moral na siya namang batayan upang malaman ang mabuti at masama sa natatanging situwasyon. Itinuturing ang konsensiya bilang batas moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao. Sa pamamagitan ng konsensiya nakagagawa ang tao ng mga pagpapasiya at nasusunod ang batas-moral sa kaniyang buhay. Dahil dito, ang konsensya ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad. Sinusuri nito ang kilos kung ito ay tama o mali. Ang konsensiya ay likas sa tao upang maghusga sa mabuti o masama na maaaring gawin. Taliwas sa komersiyal ng sabon o sa katauhan na nasa kanan at kaliwang bahagi ng tao, ang paghuhusga ng konsensiya ay hindi nagmumula sa labas ng tao. Ang tao mismo ang naghuhusga ng mabuti o masama na kaniyang gagawin gamit ang kaniyang konsensya. May pagkakataon na inaakala ng tao na |

| | |
|---|---|
| | ang maliit na bagay ay hindi nagkakaroon ng malaking epekto sa kanyang pagkatao. Ito ang nagaganap sa kaniyang konsensiya nang hindi niya namamalayan. Karaniwang sinasabi ang mga katagang: maliit na bagay lang naman, ngayon lang o minsan lang upang pangatwiranan ang maling ginawa. Kung patuloy na babalewalain ng tao ang kaniyang konsensya, darating ang pagkakataon na ito ay magiging manhid sa pagkilala ng tama. Epekto nito, ang tao ay maaaring maging katulad ng hayop sa kanyang pagpasya at pagkilos.<br><br>**GRAPHIC ORGANIZER** |



**ANG KAUGNAYAN NG KONSENSIYA SA LIKAS NA BATAS MORAL**




**ANO ANG LIKAS NA BATAS MORAL?**

Ang Batas Moral ang gumagabay sa kilos ng tao. Ito ang nagbibigay ng kakayahan sa tao na makilala ag mabuti at masama. Ito ay ibinigay sa tao noong siya ay likhain. Ito ay sa dahilang nakikibahagi siya sa karuungan at kabutihan ng Diyos.

**UNANG PRINSIPYO LIKAS NA BATAS MORAL**

Likas sa tao na dapat gawin ang mabuti at iwasan ang masama.



**BAKIT ITO MAHALAGA?**

- Layunin nito ang kabutihan ng tao
- Nagbibigay direksyon upang gumawa ng mabuti
- Magkaroon ng paggalang sa kapwa

**ANG KONSENSIYA BILANG PINAKAMALAPIT NA PAMANTAYAN NG MORALIDAD**

Sa pamamagitan ng konsensiya nakakagawa ang tao ng mga pagpapasiya at nasusunod ang batas-moral sa kaniyang buhay

**ANO ANG GAMIT NG KONSENSIYA?**

- Nakikilala ng tao na may bagay siyang ginawa o hindi ginawa
- Nahuhusgahan ng tao kung may bagay siyang dapat sana'y isinagawa subalit hindi niya ginawa o hindi niya dapat isinagawa subalit ginawa

Nahuhusgahan kung ang bagay na ginawa ay nagawa ng maayos at tama o nagawa ng di-maayos o mali.

| | |
|---|---|
| **PAGLALAPAT** | **Panuto:** Katulad ng mga situwasyong ipinakita sa *video* sa pangunahing gawain, mag-isip ng isang situwasiyon sa iyong buhay kung saan nakagawa ka ng maling kilos. Kumuha ng isang malinis na papel. Sa kaliwang bahagi ng papel ay isulat ang situwasyon na naisip at sa kanang bahagi naman ay isulat ang mga paraan na ayon sa likas na Batas Moral na maaari mong gawin upang hindi na maulit pa ang gayong sitwasyon. Hingin ang pagbabahagi ng ilang mag-aaral mula sa klase.<br><br>**Halimbawa:** |

| SITWASYON | PARAAN |
|---|---|
| Hindi ako nakagawa ng takdang-aralin kaya kumopya na lang ako sa aking kaklase. Subalit nang ibinalik na ng guro ang aming takdang-aralin ay mas mataas ang gradong nakuha ko kaysa sa aking kaklase. | Nararapat na sa araw pa lamang na ibigay ang isang takdang-aralin ay simulan na itong gawin upang hindi kapusin ng panahon at makapagpasa sa itinakdang oras. |

**PAGSUSULIT**

**A. Punan ang Patlang**

**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang bawat patlang.

**1.** Ang ________________ ang gumagabay sa kilos ng tao.
**2.** Ang ____________ pinakamalapit na pamantayan ng moralidad.
**3.** Ang likas na Batas Moral ay nagbibigay ng __________ sa tao.
**4.** Nakikibahagi ang mga tao sa ________ at _________ ng Diyos.
**5.** Sa pamamagitan ng konsensiya nakagagawa ang tao ng __________.

**Mga Kasagutan:**

**1.** Likas na Batas Moral
**2.** Konsensiya
**3.** Direksyon/upang gumawa ng mabuti
**4.** Karunungan at Kabutihan
**5.** Pagpapasiya/Mabuting Pagpapasiya

| | |
|---|---|
| | **PAGPAPALIWANAG**<br><br>**Panuto:** Batay sa ating tinalakay, bigyang paliwanag o pangangatuwiran ang sumusunod na pahayag. Ibigay ang sagot sa limang pangungusap lamang.<br><br>"Likas sa tao na gumawa ng mabuti at umiwas sa masama"<br><br>**Inaasahang Kasagutan:**<br><br>Ang Likas na Batas Moral ay likas sa tao dahil sa kanyang kalayaan. Nakasaad sa batas na ito ang dapat gawin at di dapat gawin ng tao; kaya't ito ang gumagabay sa kilos ng tao. Layon ng batas-moral na pagkalooban ang tao ng kinakailangang batayan upang makagawa siya ng tamang pasya at kilos. Kaya't ang konsensiya ang siyang nagsisilbing tagasuri kug tayo ay may mali o tamang nagagagawa o ginawa. Ang konsensiya ang siyang nagpapatunay na likas sa atin ang paggawa ng mabuti dahil siya ang nagbibigaya bagabag sa ating loob sa tuwing tayo ay nakagagawa ng masama. |
| **TAKDANG ARALIN** | Magsaliksik ng isang balita sa kasalukuyan na naglalaman o nagpapakita ng isang mabuting gawa ng tao. Isulat sa kwaderno ang mga impormasiyong iyong nakalap mula dito at ang iyong repleksyon. |
| **PANGWAKAS NA GAWAIN** | **Panuto:** Atasan ang mga mag-aaral na basahin ang piling saknong mula sa tula ni Ginoong Benedict Carino na pinamagatang *Ang Kapwa Ko*. Pagkatapos ay hingin ang pagbabahagi ng ilan mula sa klase ukol sa kanilang pagkakaintindi sa piling saknong ng nasabing tula.<br><br>**Ang Kapwa Ko**<br>*Benedict Carino*<br><br>Anuman ang nasa isip ng taong mapanghusga,<br>ang mahalaga'y nakagagawa ng tama sa kapwa.<br>Hindi yaong isiping sa mundo tayo'y walng puwang<br>Daig pa nga, mga taong ang buhay ay nasa pera. |